# 💡 Introduksyon

# GSAC KNOWLEDGE BASE, FAQs, AND GUIDES (DRAFT)

💡 Ang dokumentong ito ay naglalaman ng mga:

- ☐ Frequently Asked Questions (FAQs)
- ☐ Polisiya ng GSAC ukol sa mga produkto at serbisyo nito
- ☐ Gabay sa mga proseso ng GSAC

**MGA NILALAMAN**


- Membership
  - Requirements sa Pag-Member
  - Payment
  - Proseso ng Pag-Member
    - Walk-In Application
    - Online Application
    - PMES at OS Schedule
  - Paglipat ng GSAC Branch

# 👥 Membership Application

## Dalawang uri ng Membership

**Regular Membership:**

- Ang isang Regular Member ay isang member na nakompleto ang lahat ng requirements.
- Sila ay may karapatan sa mga benepisyo ng pagiging miyembro.
- Sila ay may karagdagang karapatang bumoto at iboto sa asembliya.
- Sila ay may saping puhunan o common share/share capital dahilan para sila ay makatanggap ng taunang dibidendo.
- Sila ay may pribilehiyo na gamiting ang mga pautang na angkop sa kanilang kapasidad.

**Associate Membership:**

- Ang isang Associate Member ay isang member na nakompleto lamang ang ilan sa mga requirements upang maging Regular Member.
- Sila ay hindi kwalipikadong bumoto at iboto sa asembliya.
- Ang pangunahing dahilan sa kanilang pag-sali sa koop ay ang magbukas ng savings account.
- Sila ay walang saping puhunan kaya sila ay hindi nakakatanggap ng taunang dibidendo.
- Ang isang Associate Member ay hindi maaaring maka-gamit ng mga produktong pautang ng koop maliban na lamang kung sila ay mag-palipat bilang Regular Member o ang loan product ay may feature na applicable para sa isang Associate Member (eg. Outreach Loan)
- Maliban sa tax-free interest rates, ang isang Associate Member ay maaaring makatanggap ng ilang benepisyo gaya ng mga incentives tuwing Pasko (eg. Outreach Loan, Salary Loan, Micro) at iba pang espesyal na okasyon.
  (Note: hindi kasama sa mga may benepisyo ang mga nagse-save lamang sa coop o Savers Adult)

**OTHER CLASSIFICATIONS OF ASSOCIATE MEMBER**

**A. JOINT ACCOUNT ASSOCIATE MEMBER**

- Ito ay isang Associate Member account na binubuo ng dalawang indibidwal. Ang account holders ay maaaring Regular Members o Associate Members na nais magkaroon ng hiwalay na account mula sa kanilang sariling accounts. Maaari din na ang account holders ay binubuo ng isang minor at legal age na indibidwal. (eg. In Trust For)

- Kapag isang organisasyon o kompanya ang magbubukas ng account sa koop, sila ay pinapabukas ng Joint Account na ang nakapangalan ay ang PRESIDENT at TREASURER o kung sino man ang i-appoint ng kanilang organisasyon. Kailangan lamang maiprisenta ang mga sumusunod na dokumento:

  I. 1 valid ID ng bawat representatives
  II. 2 pcs 1x1 ID picture
  III. Signed Resolution of the organization o Minutes of the meeting, appointing the representatives to open an account in GSAC
  IV. iba pang dokumento na maaaring hingin gaya ng Certificate of Registration, etc.

- Ang mga Joint Account ay may dalawang joint conditions: “AND” at “OR”. Sa “AND” joint condition, kailangan ang pirma ng dalawang account holders kung sila ay magbabawas ng pera sa kanila account, habang ang “OR” joint condition ay ang kasalungat nito. Kahit isa lamang na pirma mula sa  account holders ay tinatanggap na para makabawas ng pera sa kanilang account.
- Ang Joint Account para sa isang organisasyon ay awtomatikong “AND” ang joint conditions. Ibig sabihin hindi mapoproseso ang pag-withdraw sa kanilang account kung wala ang pirma ng dalawang representatives. Para sa ibang Joint Account na hindi para sa organisasyon, maaari silang pumili sa dalawang joint conditions.
- Para sa isang primary cooperative gaya ng GSAC, dapat ang account ay nakapangalan sa isang natural person (hal. Juan Dela Cruz and Jose Roxas) at hindi maaaring ipangalan sa isang organisasyon (hal. Gubat National High School Batch 2026).

**B. AFLATOUN & YOUTH SAVER ACCOUNTS**

- Ito ay ang classification ng mga savers na ang edad ay 3-17.
- Ang Aflatoun savers ay may partnership sa Department of Education. Ang bawat mag-aaral na maaring sumali ay dapat nasa edad na 3-17.
- Ang Youth Savers ay para sa mga kabataan na ang edad ay 0-17.
- Kinakailangan ang pirma/detalye ng magulang o legal guardian para makabukas ng account sa alin mang account para sa minor individuals.

| **Mga nilalaman ng seksyon na ito:** |
|---|

Requirements sa Pag-Member
Payment
Proseso ng Pag-Member
PMES at OS Schedule

# 💼 Proseso ng Pag-Member

**Proseso ng Pag-Member**

Mayroong dalawang proseso ang pag-apply sa GSAC depende sa kagustuhan ng aplikante.

- Walk-in application - Kung nais ng aplikante na personal na pumunta sa branch upang mag-apply.

- Online application - Kung ang aplikante ay hindi kaya makapunta sa branch o walang malapit ng branch sa kaniyang lugar.

# 🚶 Walk-In Application

## PROSESO NG PAGPA-MEMBER (WALK-IN)

Ang prosesong ito ay para sa mga aplikante na bumisita ng branch upang mag-apply bilang miyembro.

1. I-fill out ang Application Form.
2. Dumalo sa Pre-Membership Education Seminar (PMES) upang makakuha ng PMES Certificate. (Tingnan ang PMES Schedule)
3. Kumpletuhin ang iba pang mga requirements.
4. Ipasa sa pinaka-malapit na opisina ng GSAC ang mga requirements..
5. Maghintay ng *update* galing sa opisina ng GSAC kung *approved* o *disapproved* ang aplikasyon sa pagiging member.
6. Kung *approved* ang aplikasyon, magbayad ng nakatalang babayaran. (Tingnan ang Payment)
7. Ang passbook para sa Loan at Savings account ay ibibigay para sa mga rehistradong Regular Member.
   Ang passbook naman para sa Savings account ay ibibigay para sa mga rehistradong Associate Member.


# Online Application

# PROSESO NG PAGPA-MEMBER (ONLINE)

Ang prosesong ito ay para sa mga aplikante na nag-apply sa pagbibisita ng GSAC website..

1. Ihanda ang mga kakailanganin dokumento/requirement para sa pag-miyembro..
2. I-fill out ang online application form sa website:

`gsac.coop > Membership and Online Forms > Membership Forms`




3. Dumalo sa Pre-Membership Education Seminar (PMES) upang makakuha ng PMES Certificate. (Tingnan ang PMES Schedule)
4. Maghintay ng *update* galing sa opisina ng GSAC kung *approved* o *disapproved* ang aplikasyon sa pagiging member.
5. Kung *approved* ang aplikasyon, magbayad ng nakatalang babayaran. (Tingnan ang Payment)
6. Ang passbook para sa Loan at Savings account ay ibibigay para sa mga rehistradong Regular Member.
   Ang passbook naman para sa Savings account ay ibibigay para sa mga rehistradong Associate Member.

## ▶️ PMES at OS Schedule

## PMES & OS1 SCHEDULE

Maaring mag-attend ng PMES at OS1 online (via Google Meet) o kaya Face-to-Face (pagbisita sa branch sa mga sumusunod na araw).

Ang schedule ay palaging ipinopost sa Facebook, mangyaring i-follow at i-like ang FB Page upang palaging updated.

### FACE TO FACE SEMINAR

https://www.facebook.com/share/p/1D6zLnsuFm/

### ONLINE SEMINAR

https://www.facebook.com/share/p/1D6zLnsuFm/

https://forms.gle/ESgzcbkCPqxgv2AM9

# 📑 Requirements sa Pag-Member

## Sino ang maaring maging member ng GSAC?

- Ang mga sumusunod ay ang mga katangian ng maaring maging member ng kooperatiba:
  - Natural person
  - Legal Age (18 years old pataas)
  - Filipino o Dual Citizen
  - May kakayahang pumasok sa kontrata o makipagkontrata.

    **Persons with Disabilities** ay kwalipikado, maliban sa mentally disabled, sa kondisyong dapat silang gabayan at paalalahanan tungkol sa kanilang mga karapatan at pribilehiyo bilang kasapi ng kooperatiba.

    Ang mga aplikanteng may karamdaman ay maaaring maging kwalipikado, basta't ang nasabing sakit ay masusuri ng isang lisensyadong doktor na mapapagaling pa. Ang mga may malubha o terminal illness na pinatunayan ng medikal na pagsusuri—gaya ng, ngunit hindi limitado sa kanser—ay hindi na kwalipikadong maging kasapi.

  **Note:** Para sa paghiram ng salapi **(Loan)**, kailangang may visible at lawful means of income ang miyembro. Bilang katibayan ng kakayahang magbayad **(capacity to pay)**, maaaring magpakita ng payslip, payroll, o honorarium para sa mga **employed**; at business/barangay permit o land title para sa mga **self-employed at magsasaka**.

## Ano ang mga requirements sa pag-member?

<table>
<tr><th></th><th>Regular Membership</th><th>Associate Membership</th></tr>
<tr><td>Application Form</td><td>✔️</td><td>✔️</td></tr>
<tr><td>Tax Identification Number (TIN)</td><td>✔️</td><td>✔️</td></tr>
<tr><td>2 pieces latest 1x1 picture</td><td>✔️</td><td>✔️</td></tr>
<tr><td>Photocopy ng 1 Valid ID</td><td>✔️</td><td>✔️</td></tr>
<tr><td>Pre-Membership Seminar</td><td>✔️</td><td rowspan="2">Optional but encouraged</td></tr>
<tr><td>Ownership Seminar 1 (loan policy)</td><td>✔️</td></tr>
<tr><td>Payment</td><td>Php 5, 200</td><td>Php 700</td></tr>
</table>

Note: Kapag nais mag-loan, kinakailangan na makompleto ang Ownership Seminar (tingnan ang OS Schedule).

# 💵 Payment

**Mga Babayaran sa Pag-Member**

**REGULAR MEMBER**
- Partial Payment: Php 2,200
- Full Payment with Damayan II: Php 5,200
- Full Payment with Lifetime Damayan *(18-70 yrs old)*: Php 10, 200

| Payment Breakdown | Full Payment | Full Payment w/ Lifetime Damayan |
|---|---|---|
| Share Capital | Php 4,000 | Php 4,000 |
| Savings Initial Deposit | Php 500 | Php 500 |
| Damayan II/Lifetime Damayan | Php 600 | Php 5,600 |
| Membership Fee | Php 100 | Php 100 |
| **TOTAL** | **PHP 5,200** | **PHP 10,200** |

**ASSOCIATE MEMBER**
- Full payment: Php 700

**ATM SAVERS**
- Full Payment: Php 600

| Payment Breakdown | Full Payment |
|---|---|
| ATM Savings Initial Deposit | Php 500 |
| ATM Fee | Php 100 |
| **TOTAL** | **PHP 600** |

**Note: Para sa mga ATM Savers, Php 100 ang maintaining balance.*

---

***Note:***
- Para sa mga **ASSOCIATE MEMBER**, Kinakailangang bayaran nang buo ang Php 4,000 na kapital sa loob ng 2 taon.
- Ang passbook para sa savings at loan account ay ibibigay sa mga bagong rehistradong Regular Member.
- Ang passbook para sa savings ay ibibigay naman sa mga bagong rehistradong Associate Member.

**Payment Methods:**

- Over-the-Counter
- Bank Transfer
- GCASH

# 🔀 Transfer ng Membership

## Proseso ng paglipat/pag-transfer sa ibang GSAC Branch

**Letter of Intent**


- Maaaring lumipat ang member sa pinakamalapit na opisina o branch ng GSAC. Kinakailangan lamang mag-submit ng Letter of Intent sa presenteng opisina o branch na kinabibilangan.


**Online Transfer**

- Maaring magpadala ng request of transfer ng membership ang member sa online.
- Pumunta lamang sa website:

```
GSAC (gsac.coop ) > Membership & Online Forms > TMF
```

- I-fill out ang form at i-click ang **Submit.**
- Maghintay ng update galing sa opisina ng GSAC.




gsac.coop
GSAC
About Us
Products & Services
Membership & Online Forms
Payment Options
NEW
Loan Calculator
GSAC Membership
Learn more about GSAC Membership.
GSAC Lab Coop
Learn more about GSAC Lab Coop.
Membership Form
TMF
71k
Members
6.5b
Asset
17
Branches

## ❌ Withdrawal ng Membership

# Proseso ng pagresign/withdraw ng Membership sa GSAC

Ang kooperatiba ay sumusunod sa isang pormal na pamamaraan upang matiyak na ang lahat ng obligasyong pinansyal ay naayos bago opisyal na mapayagan ang pag-alis ng isang kasapi.

1. **Pagpapahayag ng Intensyon:** Nagsisimula ang proseso kapag nagpahayag ang member ng kanyang intensyong umalis sa pamamagitan ng isang liham at pagsumite ng *Membership Withdrawal Form*.

2. **Bailidasyon at Panayam:** Iveverify pa ng isang *Information and New Accounts Associate* ang kahilingan at magsasagawa ng panayam upang malaman ang dahilan ng pag-alis. Sa phase na ito, maaaring mag-alok ang kooperatiba ng mga opsyon upang manatili pa rin ang kasapi.

3. **Balanse:** Kukwentahin ng staff ang huling balanse ng kasapi, kabilang ang lahat ng deposito, mga hindi pa bayad na pautang (loans), at mga kaukulang bayarin.

4. **Huling Panayam (Exit Interview):** Isang huling panayam ang isasagawa ng *Branch Manager* o ng isang itinalagang opisyal upang suriin ang naging performance ng kasapi at matiyak na tama ang pagproseso ng pag-alis.

5. **Pormal na Pag-apruba:** Ang pag-alis ay irerekomenda para sa pag-apruba ng *Branch Manager* at ipapadala sa *Membership Development Office (MDO)*. Pagkatapos nito, ang *Board of Directors (BOD)* ang magpapatibay ng pormal na pag-apruba sa pamamagitan ng isang *Board Resolution*.

6. **Pagsasara ng Account:** Kapag naaprubahan na, aabisuhan ang kasapi sa pamamagitan ng SMS. Kinakailangang isuko ng kasapi ang kanyang *passbook* upang makuha ang natitirang pera, at ang account ay tuluyan nang isasara sa system.

# ❓ FAQs

# FREQUENTLY ASKED QUESTIONS

**PMES at OS**

1. Gaano katagal ang validity ng Certificate of Participation?

   Ang Certificate of Participation ay valid sa loob ng 6 months.

2. Paano kung hindi kaya makapag-attend ng Face-to-Face at Online Seminar?

   Kung hindi makakapag-attend ng Face-to-Face at Online Seminar, maaring manood ng prerecorded videos na PMES at Ownership Seminar at sumagot ng maikling quiz.

   Kinakailangan na magrecord ng sarili ng timelapse upang masigurado namin na nanood at tinutukan ang prerecorded videos ng GSAC.
3. Maari bang may magpa-proxy sa seminar?

   Hindi pinapayagan ang proxy sa seminar. Kinakailangan na ang aplikante mismo ang dumalo at makinig sa PMES at Ownership Seminar.

**Transfer ng Membership**

1. Gaano katagal ang pagproseso ng paglipat ng GSAC Branch?

   Nakadepende sa Branch Manager ng Branch na aalisan ng member. Ito ay uusisain pa at ieendorse pa sa lilipatan na Branch.
2. Maapektuhan ba ang aking transaksyon habang pinoproseso ang paglipat ng GSAC

   Branch?

   Ngayong naka-centralize na ang sistema ng GSAC, hindi maapektuhan ang iyong transaksyon habang pinoproseso ang iyong paglipat sa ibang GSAC Branch.
3. Maari bang lumipat sa kahit anong GSAC Branch?

   Ang pagpili ng lilipatang branch ay nakadepende sa residency at address ng pinagtatrabahuan ng miyembro. Halimbawa kung kayo ay nakatira sa Naga at lumipat ng Legazpi, maaring lumipat ka sa branch na pinakamalapit sa iyong bagong address.

   Mas mahihirapan at hindi papayagang lumipat kung malayo an GSAC Branch sa iyong tinitirhan o address ng pinagtatrabahuan.

4. Ilang beses maaring lumipat ng GSAC Branch?

   Isang beses lamang maaring lumipat ng GSAC Branch.

5. Ano po yung status ng aking application for transfer?

   Ang status ng application for transfer ay itatanong muna sa Information Officer o Marketing Associate ng Branch na aalisan. Posibleng umabot ng 7 days ang paglipat o mahigit depende sa dalawang Branch.

**Membership**

1. Kailangan ba ng TIN para makapag-member sa GSAC?
   - Kung ang pakay ay magloloan sa GSAC, ito ay kailangan; ngunit kung mag-oopen lamang ng Savings Account ay hindi na ito kailangan.
2. Maari bang magdeposito ang aming organisasyon sa GSAC?

   Maaring magdeposito ang iyong organisasyon sa GSAC bilang Associate Member.
3. Maari bang magmiyembro ang isang may kapansanan?

   Ang GSAC ay isang inklusibong organisasyon kaya naman lahat ng may kapansanan na kaya pa namang makabasa, makaintindi, at makipag-ugnayan ay maaring maging miyembro ng GSAC.
4. Ano po yung status ng aking application for membership?

   Note: Icheck muna ang monitoring sheet ng MDO.

   **Kung wala ang pangalan sa lista**, tanungin ang mga sumusunod:
   - Date of Application
   - Date of PMES